## PAANO LABANAN ANG RABIES?

1. Pabakunahan laban sa *rabies* ang alagang aso o pusa na may edad na tatlong buwan. Kinakailangang taun-taon ang pagbabakuna sa mga alaga.

2. Bigyan ng masustansyang pagkain at malinis na inumin.

Siguraduhing malinis at kumportable ang tirahan ng alaga.

3. Huwag hayaang gumala sa labas ng bahay ang alaga. Kung ilalabas ay siguraduhing nakatali ito upang hindi mapahalubilo sa ibang hayop na posibleng may *rabies*.

4. Makipag-ugnayan sa *agriculture* o *veterinary office* sa inyong lugar para sa pagpaparehistro ng mga alaga.

5. Bigyan sila ng tamang pag-aalaga at nararapat na atensyon.

6. Pabakunan ang sarili laban sa *rabies*.

7. Ipagbigay-alam sa awtoridad ang anumang kaso ng *rabies* sa inyong lugar.





**DEPARTMENT OF AGRICULTURE IV-CALABARZON**
LIPA AGRICULTURAL RESEARCH AND EXPERIMENT STATION (LARES) BRGY. MARAOUY, LIPA CITY, BATANGAS



REGIONAL AGRICULTURE AND FISHERIES INFORMATION SECTION
2022



DA4CALABARZON
rafis@calabarzon.da.gov.ph
www.calabarzon.da.gov.ph
DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-A





# ANO ANG RABIES?

Ang *rabies* ay isang *virus* na nakakaapekto sa utak ng mga alagang hayop. Ito ay isang sakit na maaari lamang makuha ng *mammals* tulad ng aso o pusa.



Ang *rabies* ay karaniwang naisasalin sa pamamagitan ng kagat ng hayop.



Maaari ring mahawa ang ibang hayop sa pamamagitan ng direktang kontak ng laway, luha, o nervous tissue ng apektadong hayop.

## ANO ANG SENYALES NG RABIES SA HAYOP?



Matinding paglalaway



Hindi normal ang pagkilos



Nanghihina o nananamlay



Kawalan ng kakayakang tumahol



Nangangagat ng kung anu-ano



Takot sa liwanag o madaling masilaw



Agresibo o pag-atake nang hindi inaasahan